Rogelio L. Ordoñez
Note: Book Title “Bisig” from page 1-6
Publication date: 1992

Mga Pagmamalupit Sa Uring Manggagawa

DAHIL sa tumitinding mga isyu at problemang pambansa, lalo na ang napakamahal na presyo ng mga produktong langis gayundin ang halaga ng negosyong edukasyon, hindi na katakatakang puspusang kumilos ang sektor ng mga anakpawis sa pangunguna ng uring manggagawa. Sapagkat ang mga manggagawa ang kaunaunahang napipinsala at nagpipisil ng sikmura sa anumang pagtaas ng mga presyo habang sa kabilang banda, ipinagkikibit-balikat lamang iyon ng salanggapang at bundat na bundat nang mga basalyos at tagapagtaguyod ng pambubusabos, natural lamang at nararapat na ang mga manggagawa ang kaunaunahan ding magprotesta, magdemonstrasyon at magwelga – putaputaki man o pambansa – upang hingin o kung kinakailanga’y agawin sa mapagsamantalang lipunan ng nagbibingibingihan o wala nang konsensiyang mga diyusdiyosan ang anumang ikaluluwag at ikaaangat kahit bahagya ng kanilang miserableng kalagayan.

Gayunpaman, sa ganitong mga proseso ng pakikibaka ng uring manggagawa upang makamit ang lehitimong mga karapatang talaga namang matagal nang dapat mapasakanila, lumilitaw na para bang isang kasalanang mortal ang humingi sila, halimbawa, ng karagdagang sahod o ng mumunting mga pribilehiyo upang hindi sila mabuhay na parang hayop sa alpombrado at bentadong daigdig ng iilang pinagpalang tao. Sa halip na tulungan sila ng Estado, naging mahabang listahan na sa kasaysayan ng unyonismo sa bansa mula pa nang itatag si Isabelo delos Reyes noong Febrero 2, 1902 ang UOD (Union Obrero Democratica) ang napakaraming kaso ng paninikil laban sa kilusang panggawa. Mula sa panahon ni delos Reyes hanggang kay Crisanto Evangelista, mula sa panahon ni Amado V. Hernnadez hanggang kay Rolando Olalia, mula sa rehimen ni Marcos hanggang sa kasalukuyang rehimen, hindi iilang lider at mga kasapi ng kilusang paggawa ang basta na lamang pinapatay, dinudukot, nawawala, tinatakot at binubugbog, kinakasuhan at ibinibilanggo.

Batay sa aklat na PUMIPIGLAS na isinulat ng mga bilanggong pulitikal sa panahon ng diktadurang Marcos binaril at napatay si Antonio Herbon noong Abril 26, 1981 habang nagpipiket sa welga ng Metallide Union Workers. Mga PC naman umano ang pumatay kay Anonio Mercado, manggagawa sa Sunshine Dessicated Coconut noong Abril 19, 1981. Noon ding naturang taon, pinagbabaril at napatay ng mga guwardiya ng Polyamide Industrial Corporation sa Calamba, Laguna, ang tatlong opisyal ng unyon doon na sina Josephine Rosello, Leonardo Ramos at Napoleon Constantino. Binaril din at napatay ng guwardiya ng kompanya sa welga sa Solid Mills, Inc. noong Pebrero 13,1982 ang isang manggagawang nagngangalang Antonio Baynosa.

Matapos ang brouhaha sa EDSA, inaasahang uunlad ang kalagayan hindi lamang ng mga manggagawa kundi ng buong bansa. Sa pamamagitan ng mataimtim na mga dalangin at banal na mga seremonyas ni Cardinal Sin, inasahang magmimilagro at ilalawit ng kabanalbanalang Birhen ng EDSA ang mahabaging mga kamay upang isabog sa sambayang dayukdok ang sanlibo't sanlaksang mga grasya na magpapalaya at magpapaligaya, higit sa lahat, sa uring manggagawa.

Sa halip na maging realidad ang mga pangarap, lalo at lalo pa ngang tumaas nang tumaas ang presyo ng mga bilihin, lalo at lalong nabaon sa utang ang bansa, lalong nanganak na parang mga kuneho ang bagong mga buwis dahil sa kahenyuhan ng mga kagaya ni Jesus Estanislao, at lalong naging agrabyado't miserable ang mga manggagawa.

Mga ilang buwan lamang matapos umupo sa inidoro ng kapangyarihan ang kasalukuyang rehimen, pinatay noong Nobyembre 13, 1986 si Rolando Olalia, pambansang tagapangulo noon ng KMU (Kilusang Mayo Uno). Ayon kay Crispin Beltran, pambansang tagapangulo ngayon nito, sinisimulan ng rehimeng Aquino ang pagsugpo sa kilusang paggawa noong Oktubre 20, 1987 "nang ipangako ni Pangulong Corazon Aquino sa mga mangangalakal na wawasakin ang mga welga. Sa Atlas Mines, umabot sa siyam ang napatay sanhi ng pagkilos ng KADRE, isang vigilante group na nakahimpil sa kampo mismo ng PC sa lugar. May anim pang nasugatan bunga ng strafing o pawalis na pagpapaputok ng baril na ginawa sa opisina ng unyon at sa bahay ng isang manggagawa roon."

Bukod sa nabanggit ayon pa rin kay Beltran, "isang abogado ng National Federation of Labor Unions (NAFLU), si Atty. Rufino Dimapales, ang namatay matapos sagasaan ang kinalulunang traysikel sa Pangasinan ng isang sasakyang napag-alamang pag-aari ng isang koronel."

Idinagdag pa niya si Oscar Bantayan ng NFL (National Federation of Labor) na pinatay ng mga vigilante sa Davao, gayundin ang nawawalang mga lider-manggagawa sa gitnang Luzon na sina Simplicio Anino (ANGLO), Raul Quiroz (ADLO) at Benito Clutario. Wala pang balita magpahanggang ngayon, batay sa aming pagkakaalam, kung nakita na ang mga ito matapos hulihin ng mga awtoridad.

Sa loob lamang ng sampung buwan ng 1988, ayon kay Crispin Beltran "mayroong 275 kaso ng paninikil sa kilusang paggawa na bumibiktima ng mga 560 katao. Dalawampu't lima sa kanila ang biktima sa salvaging**,** 11 ang frustrated salvaging**,** 3 ang pinaslang sa piketlayn, at 9 ang minasaker. Umabot sa 16 ang nawawala, samantalang 183 ang dinakip at ikinulong, na 21 sa kanila at dumanas ng tortiyur. Mga 44 na pagsalakay ang naisagawa rin sa mga opisina ng unyon at sa mga bahay ng mga maggagawa."

Higit na nakababahala ang may 50 pahinang ulat kamakailan lamang ng Amnesty International, isang pandaigdig na organisasyong nagmamalasakit at nangangalaga sa mga karapatang pantao (human right). Ayon sa naturang ulat, mula lamang noon Enero 1990, dalawampu't pitong lider-manggagawang Pilipino ang pinatay ng Estado o ng mga puwersang suportado ng gobyerno "dahil sa kanilang legal na mga gawain bilang mga unyonista." Naganap umano ang mga pagpatay habang nagpoprotesta ang mga manggagawa, nakikipaglinawan kaya tungkol sa hindi makatarungang mga kalakaran sa paggawa, o hinihingi nila sa kinauukulang mga kompanya na kilalanin ang kanilang unyon.

Tinukoy ng nabanggit na ulat ng Amnesty International na mga miyembro ng KMU at ng NFSW (National Federation of Sugar Workers) ng Bacolod, at ng iba pang unyon gaya ng TUCP (Trade Union Congress of the Philippines) ang ilang mga biktima. Mga 50 manggagawa na ang nawawala mula nga lamang noon 1990 at kung matagpuan man ay mga patay na at lumilitaw na pinatay habang nasa kandili ng mga awtoridad na humuli sa kanila.

Tinukoy din ni AI na karaniwang mga miyembro ng CAFGU (Citizens Armed Forces Geographic Unit), mga pulis kaya at militar, mga guwardiya ng kompanya, mga maton at mga pangkat ng vigilante**,** ang mga kriminal sa mga kasong ito ng paninikil laban sa kilusang paggawa. Bagaman kinikilala ng mga testigo ang ilang kriminal at sinampahan ng kaukulang kaso, nananatili namang hindi nalulutas ng hukuman ang mga iyon.

Sapagkat lumitaw, ayon sa AI na "pinakalantarang mga kritiko ng kasalukuyang gobyerno" bukod sa iba pa ang KMU at NFSW, hindi na nga iilang mga miyembro nito ang pinagpapatay ng mga puwersang suportado umano ng gobyerno. Sa Bacolod, pinatay sina Hernando Pelaro,

Reynaldo dela Fuente, Pedro Maguad, Pablito Labrador, Ferdinand Pelaro, Cleofe Maloloy-on, at Aguinaldo Marfil, pawang mga miyembro ng NFSW. Noong Pebrero 8, 1990 sa Hecienda Roxas, Barangay Pandano, Negros Occidental, isang batang 12 taong gulang lamang – si Gideone Lagro – ang binaral din at napatay habang ang hinahanap ng mga awtoridad para hulihin ay ang kanyang amang si Vennacio.

Sa Kamaynilaan, isinama rin sa ulat ng Amnesty International ang mga manggagawang napatay sa Golden Taxi Co. na pawang mga miyembro ng KMU, mula Hunyo hanggang Nobyermbre 1990. Sila'y sina Danilo Acua, Arturo Mirasl, Galileo Dinoy, Gregorio Delumias, Sammy Estanil, at Ildefonso Catan. Bagaman may hinuling isang pulis kaugnay ng kasong ito, umano'y hindi pa naman ito ipinasasakdal sa husgado. Bukod sa mga nabanggit, ilang mga lider ng KMU gaya nina Mariano Caspe, Cornelio Tagulao, David Borja, gayundin ang ilang miyembro ng TUCP gaya nina Nestor Apolinio, Ernesto Gripal, at Oriel dela Torre, ang opisyal na napasama na rin sa listahan ng mga pinatay.

Habang tumitindi ang pagkilos at pagprotesta ng uring manggagawa, tiyak na mararagdagan ang bilang ng naturang mga biktima ng paninikil o opresyon ng mga diyusdiyosan upang mapanatili nila – sa anumang paraan – ang kanilang pribilehiyadong kalagayan. Kung ilang manggagawa pa ang mapapatay, kung ilan pa ang basta mawawala na lamang, at kung ilan pa ang huhulihing parang aso at itatapon sa kalaboso, iyan ay depende sa maikling na pasensiya ng Estado at ng mga puwersang suportado nito.

Sana'y habag at pang-unawa at pagkamakatao, hindi sahad at kurtadong utak, ang isagot ng Estado sa sunodsunod at hirap na hirap na daing ng uring manggagawa.